# ANG MGA HIMALA NI MUHAMMAD (BAHAGI 2 NG 3)

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang pagkahati ng buwan, at ang paglalakbay ng Propeta sa Herusalem at pagpapa-itaas sa kalangitan.

**Kategorya:** Mga Artikulo Ang Propetang si Muhammad Katibayan ng Kanyang pagiging Propeta

**Kategorya:**
Mga Artikulo Katibayan na Islam ang Totoo Ang Katibayan ng Pagiging Propeta ni Muhammad

**Ni:** IslamReligion.com
**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 06 May 2014

## Paghahati ng Buwan

Isa sa mga pagkakataon na ang Diyos ay gumawa ng mga himala sa kamay ng Propeta ay nang ang mga taga-Makkah ay humiling na makakita ng isang himala mula kay Muhammad (pbuh) upang maipakita ang kanyang pagkamakatotohanan. Ang Diyos ay hinati ang buwan sa dalawang magkahiwalay na mga hati at pagkatapos ay muling binuo ang mga ito. Ang Quran ay naitala ang kaganapan:

***"Ang Oras ay papalapit na, at ang buwan ay nahati!." (Quran 54:1)***

Ang Propeta Muhammad (pbuh) ay binabasa ang mga talatang ito ng Quran sa malalaking mga kongregasyon ng lingguhang pagdarasal ng Biyernes at sa dalawang-taunang pagdarasal ng Eid.[1] Kung ang pangyayari ay hindi naganap, ang mga Muslim mismo ay maaaring nag-alinlangan sa kanilang relihiyon at marami ang maaaring iniwan ito! Maaaring sabihin ng mga taga-Makkah, 'Hoy, ang iyong propeta ay sinungaling, ang buwan ay hindi nahati, at hindi namin kailanman nakita ito na nahati!' Sa halip, ang mga mananampalataya ay lumagong mas matatag sa kanilang pananampalataya at ang tanging paliwanag lamang na napagtanto ng mga taga-Makkah ay, 'naglalahong salamangka!

***"Ang Oras ay papalapit na, at ang buwan ay nahati! At kung sila ay makakita ng isang palatandaan [himala], sila ay nagsisilayo at nagsasabing, 'Naglalahong salamangka!'- dahil sila ay baluktot sa pagsasabing ito ay kasinungalingan, na laging sinusunod ang kanilang mga sariling pagnanasa." (Quran 54:1-3)***

Ang paghahati ng buwan ay napatunayan sa pamamagitan ng patotoo ng saksi na naiulat sa pamamagitan ng isang walang patid na kawin ng maaasahang mga pantas na napakamarami kung kaya imposible na maaari itong maging mali (*hadith mutawatir*).
[2]

Ang isang nag-aalinlangan ay maaaring magtanong, mayroon ba tayong anumang bukod na katibayan sa kasaysayan na magsasabing ang buwan ay nahati? Pagkatapos ng lahat, ang mga tao sa buong mundo ay dapat na nakita ang kamangha-manghang kaganapang ito at naitala ito.

Ang kasagutan sa katanungang ito ay nasa dalawang bahagi.

Una, ang mga tao sa buong mundo ay maaaring hindi nakita ito dahil maaaring maaraw pa, kalaliman ng gabi, o madaling araw sa maraming bahagi ng mundo. Ang susunod na talahanayan ay magbibigay sa mambabasa ng ilang ideya ng kaukulang mga oras sa mundo nang 9:00 ng gabi sa oras ng Makkah:

| **Bansa** | **Oras** |
|---:|---:|
| Makkah | 9:00 pm |
| India | 11:30 pm |
| Perth | 2:00 am |
| Reykjavik | 6:00 pm |
| Washington D.C. | 2:00 pm |
| Rio de Janeiro | 3:00 pm |
| Tokyo | 3:00 am |
| Beijing | 2:00 am |

Gayundin, hindi maaasahan na ang isang malaking bilang ng mga tao sa mga kalapit na lupain ay maaaring pinagmamasdan din ang buwan sa ganap na parehong oras. Wala silang dahilan para dito. Kahit na ang ilan ay nagkagayon, hindi mangangahulugang ang mga tao ay naniwala sa kanya at nagtabi ng isang isinulat na talaan nito, lalo na kung maraming mga sibilisasyon sa panahong iyon na hindi nagpapanatili ng kanilang sariling kasaysayan para isulat.

Pangalawa, mayroon tayo talagang nakabukod, at lubos na kamangha-manghang, makasaysayang pagpapatotoo sa kaganapan mula sa isang hari ng India nang panahong iyon.


Ang Kerala ay isang estado ng India. Ang estado ay umaabot ng 360 milya (580 kilometro) sa kahabaan ng Baybayin ng Malabar sa timog-kanlurang bahagi ng kapuluan ng India.[3] Si King Chakrawati Farmas ng Malabar ay isang hari ng Chera, Cheraman perumal ng Kodungallure. Naitala niyang nakita ang buwan na nahati. Ang insidente ay naitala sa isang manuskrito na itinago sa Tanggapang Aklatan ng India, sa London, sangguniang bilang: Arabe, 2807, 152-173.[4] Isang pangkat ng mga mangangalakal na Muslim ang dumaan sa Malabar sa kanilang paglalakbay patungong Tsina ang nakipag-usap sa hari tungkol sa kung paano tinulungan ng Diyos ang Arabyanong propeta sa himala ng paghahati ng buwan. Ang namanghang hari ay sinabing nakita niya rin ito ng kanyang sariling mga mata, ura mismo ay itinalaga ang kanyang anak, at naglakbay sa Arabya upang makipagkita sa Propeta nang harapan. Ang hari ng Malabari ay nakilala ang Propeta, ipinahayag ang dalawang patotoo ng pananampalataya, natutunan ang mga pangunahing kaalaman sa pananampalataya, ngunit pumanaw sa landas habang pauwi at inilibing sa daungan ng lungsod ng Zafar, sa Yemen.[5]

Sinasabing ang pangkat ay pinamunuan ng isang Muslim, na si Malik ibn Dinar, at nagpatuloy sa Kodungallure, ang kabisera ng Chera, at itinayo ang una, at ang pinakalumang moske ng India, sa lugar noong 629 CE na umiiral pa /ngayon.



Isang bago-naisaayos na larawan ng Moske ng Cheraman Juma, ang pinakalumang moske ng India na simula pa noong 629 CE. Ang larawan ay sa kagandahang-loob ng www.islamicvoice.com.

Ang balita ng kanyang pagtanggap sa Islam ay umabot sa Kerala kung saan ang mga tao ay tinanggap ang Islam. Ang mga mamamayan ng Lakshadweep at ng Moplas (Mapillais) mula sa lalawigan ng Calicut ng Kerala ay mga balik-Islam sa mga panahong iyon.




Ang Moske ng Cheraman Juma, na ipinangalan sa unang balik-Islam ng India, na si Cheraman perumal Chakrawati Farmas, pagkatapos maisaayos. Ang larawan ay sa kagandahang-loob ng www.indianholiday.com.

Ang nasaksihan ng Indiyano at ang pakikipagkita ng Indiyanong hari sa Propeta Muhammad (pbuh) ay iniulat din ng mga napagkuhanang Muslim. Ang bantog na mananalaysay na Muslim na si Ibn Kathir, ay binanggit ang pagkakahati ng buwan na iniulat sa mga bahagi ng India.[6] Gayundin, ang mga aklat ng hadith ay naitala ang pagdating ng hari ng India at ang kanyang pakikipagkita sa Propeta. Si Abu Sa'id al-Khudri, isang kasamahan ng Propeta Muhammad (pbuh), ay nagsabi:


***"Ang Indiyanong hari ay pinagkalooban ang Propeta ng isang garapon ng luya. Ang mga kasamahan ay kinain ito ng pira-piraso. Ako ay kumagat din."[7]***

Ang hari ay itinuring na isang 'kasamahan' - isang katagang ginagamit para sa isang tao na nakilala ang Propeta at namatay bilang isang Muslim - ang kanyang pangalan ay nakatala sa malaking kalipunan ng pagkakasunod-sunod bilang kasamahan ng Propeta.[8]

# Gabi ng Paglalakbay at Pagpapa-itaas sa Kalangitan

Ilang buwan bago ang paglikas mula sa Makkah patungong Madinah, kinuha ng Diyos si Muhammad (pbuh) ng isang gabi mula sa Dakilang Moske sa Makkah hanggang sa Moske ng al-Aqsa sa Herusalem, na isang buwang paglalakbay ng 1230 Km para sa isang caravan. Mula sa Herusalem, nagpa-itaas siya sa kalangitan, dumaan sa mga hangganan ng pisikal na santinakpan upang mapasa banal na piling, makatagpo ang Diyos, at masaksihan ang Dakilang Mga Palatandaan (*al-Ayat ul-Kubra*). Ang katotohanan ay naging maliwanag sa dalawang paraan. Una, 'inilarawan ng Propeta ang

mga caravan na kanyang nalampasan sa daang pauwi at sinabi kung nasaan ang mga ito at mga kung kailan maaaring inaasahan silang makarating sa Makkah; at ang bawat isa ay dumating gaya sa pagkakahula, at ang mga detalye ay gaya ng kanyang paglalarawan.'[9] Pangalawa, hindi siya nakilalang nakapunta na sa Herusalem, gayunpaman kanyang inilarawan ang Moske ng al-Aqsa sa mga nag-aalinlangan tulad ng isang nakasaksi.




Ang mistikong paglalakbay ay binanggit sa Quran:

***"Luwalhati sa Kanya na Siyang nagpalakbay sa Kanyang alipin [ang Propeta Muhammad] sa gabi mula sa Masjid al-Haram patungong Masjid al-Aqsa, na ang mga kapaligiran nito ay Aming pinagpala, upang Aming ipakita sa kanya ang Aming mga palatandaan. Katotohanan, Siya ang Lubos na Nakaririnig, ang Lubos na Nakakikita." (Quran 17:1)***

***"Kaya, kayo ba ay makikipagtalo pa sa kanya tungkol sa anumang kanyang nakita? At katiyakang siya ay kanyang nakita sa iba pang pagbaba sa puno ng lote sa Kadulu-duluhang Hangganan - sa tabi nito ay ang Hardin ng Kanlungan (Paraiso) - nang matakpan ang Puno ng Lote ng anumang tumakip [nito]. Ang paningin (ng Propeta) ay hindi lumihis, ni sumuway (sa hangganan nito). Katiyakan, kanyang nakita ang mga dakilang tanda ng kanyang Panginoon." (Quran 53:12-18)***

Ang kaganapan ay tiniyak rin sa pamamagitan ng patotoong pagsaksi na naiulat ng isang walang patid na kawin ng maaasahang mga pantas (*hadith mutawatir*).[10]



Pasukan ng Moske ng Al-Aqsa kung saan si Muhammad (pbuh) ay nagpa-itaas sa mga kalangitan. Ang larawan ay sa kagandahang-loob ng Thekra A. Sabri.

---

Mga talababa:

[1] *Saheeh Muslim*.

[2] Tingnan '*Nadhm al-Mutanathira min al-Hadith al-Mutawatir*,' ni al-Kattani p. 215.

[3] "Kerala." Encyclopædia Britannica mula sa Encyclopædia Britannica Premium Service. (http://www.britannica.com/eb/article-9111226)

[4] "Ito ay sa aklat na "Muhammad Rasulullah," ni Muhammad Hamidullah: "Mayroong isang napakatandang tradisyon sa Malabar, sa Timog-Kanlurang baybayin ng India, na si Chakrawati Farmas, na isa sa kanilang mga hari, ay nasaksihan ang paghahati ng buwan, ang pinaka tanyag na himala ng Banal na Propeta sa Makkah, at kanyang napag-alaman sa pagtatanong na mayroong isang hula sa pagdating ng isang Sugo ng Diyos mula sa Arabya, hinirang niya ang kanyang anak bilang pinuno at naglakbay upang tagpuin siya. Siya ay yumakap sa Islam sa kama ng Propeta, sa kanyang pag-uwi, mula sa direksyon ng Propeta, ay namatay sa daungan ng Zafar sa Yemen, kung saan ang libingan ng "Indiyanong Hari" ay taimtim na dinadalaw pa rin sa pagdaan ng mga siglo."

[5] 'Zafar: sa biblikal ay Sephar, sa klasikal ay Sapphar, o Saphar na sinaunang Arabyanong lugar na matatagpuan sa timog-kanluran ng Yarim sa dakong timog ng Yemen. Ito ang kabisera ng Himyarites, isang tribo na namuno sa dakong timog ng Arabya mula noong 115 BC hanggang 525 AD. Hanggang sa pagsakop ng Persia (c. AD 575), ang Zafar ay isa sa pinaka-mahalaga at ipinagbubunying mga lungsod sa dakong timog ng Arabya - isang katotohanang pinatunayan hin lamang ng mga heograpong Arabo at mananalaysay kundi pati na rin ng mga Griyego at Romanong manunulat. Matapo mawala ang kaharian ng Himyar at sa pag-usbong ng Islam, ang Zafar ay unti-unting humina.' "Zafar." Encyclopædia Britannica mula sa Encyclopædia Britannica Premium Service. (http://www.britannica.com/eb/article-9078191)

[6] '*Al-Bidaya wal-Nihaya*,' ni Ibn Kathir, bol 3, p. 130.

[7] Iniulat ni Hakim sa ‘*Mustadrik*’ bol 4, p. 150. mga puna ni *Hakim*, ‘Wala akong naisaulong anumang ibang ulat na nagsasabing ang Propeta ay kumain ng luya.’

[8] ‘*Al-Isaba*’ ni Ibn Hajr, bol 3. p. 279 at ‘*Lisan ul-Mizan*’ ni Imam al-Dhahabi, bol. 3 p. 10 sa ilalim ng pangalang ‘Sarbanak ang pangalan kung saan siya kilala ng mga Arabo.

[9] ‘Muhammad: Ang Kanyang Buhay base sa mga Sinaunang Mapagkukunan' ni Martin Lings, p. 103.

[10] Apatnaput limang mga kasamahan ng Propeta ang naghatid o nagsalin ng mga ulat sa kanyang Gabi ng Paglalakbay a ang Makalangit na Pagpapa-itaas. Tingnan ang the works of hadith masters: ‘*Azhar al-Mutanathira fi al-Ahadith al-Mutawatira*’ ni al-Suyuti p. 263 at ‘*Nadhm al-Mutanathira min al-Hadith al-Mutawatir*,’ ni al-Kattani p. 207.

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/151/ang-mga-himala-ni-muhammad-bahagi-2-ng-3

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.